



Ang karamihan sa mga produktong ginagamit sa bahay tulad ng mga panlinis at pesticide ay maaaring makasakit mga bata, mga alagang hayop, o sa kapaligiran kung hindi nagagamit at natatabi nang wasto. Pumili ng produkto na may etiketa ayon sa inyong partikular na nais alisin na peste. Hinihikayat ng EPA ang mga mamimili na ikonsidera ang paggamit ng mga nakarehistro sa EPA na mga biopesticide at mga produkto sa **Safer Choice Label (Etiketa ng Mas Ligtas na Mapiipili) ng EPA**, na karaniwang hindi masyado nakakapinsala. Basta't basahin ang etiketa ng produkto at makakatulong itong mapanatiling ligtas ang inyong pamilya, inyong mga alagang hayop at inyong komunidad.

Panatiliing Ligtas ang Inyong Pamilya at Komunidad sa Pamamagitan ng mga Tip na ito

✓ Basahin Muna ang Etiketa

Sinasabi sa inyo ng etiketa:

- Kung paano gamitin nang ligtas at mabisang paraan ang produkto.
- Paano maitatago nang ligtas ang produkto.
- Mga tagubilin para sa first aid.
- Ang mga numero ng telepono na dapat tawagan para makakuha ng tulong o karagdagang impormasyon.

✓ Sundan ang Lahat ng mga Babala sa Etiketa

- Ang mga babala at tagubilin ay nagsasabi sa inyo kung paano gamitin nang ligtas at wasto ang mga produkto.
- Sundan ang mga babala na buksan ang mga bintana, magsuot ng mga guwantes, at hindi langhapin ang mga alikabok na mula sa produkto.
- Ilayo ang mga alagang hayop at mga bata mula sa lahat ng mga ginamot na lugar tulad nang nakasulat sa etiketa.

✓ Itabi ang Mga Produkto sa Mga Orihinal na Lalagyan nito

- Lubos na mapanganib na ilagay ang mga produkto sa mga lalagyan ng pagkain at inumin. Lisipin ng mga bata na may isang bagay na nakalagay sa isang kilalang bote ay ligtas na inumin o paglaruan.
- Ang mga lalagyan na walang masikip na takip ay madaling tumapon.

Alamin kung Saan Tatawag upang Makakuha ng Tulong

- Ang maraming mga etiketa ay may nakasulat na numero ng telepono na matatawagan kung may emergency.
- Ilagay sa numero ng lokal na poison control center at beterinaryo o lokal na ospital para sa mga hayop sa isang lugar na madaling makuha o makita.
- Ihanda ang etiketa ng produkto kapag tumawag kayo. Ang etiketa ay nakakapagkaloob ng mga importanteng impormasyon na makakatulong sa inyo tungkol sa produkto.

- Kung naitapon ninyo ang orihinal na lalagyan, itinaon ninyo ang mahalagang impormasyon na kinakailangan sa pangyayari ng isang emergency.
- Kung nakasaad sa etiketa na ihalo ang produkto sa iba pang lalagyan, gamitin ang lahat ng mixture. Kung hindi ninyo magagamit ang lahat ng mixture, lagyan ng etiketa ang bagong lalagyan para magamit sa susunod.

✓ Iwasan na Mapinsala ang Kapaligiran

- Gamitin ang produkto ayon sa mga tagubilin sa etiketa para maiwasan ang pinsala sa kapaligiran.
- Huwag gamitin ang produkto kung saan maaaring dumaloy ito sa mga lawa, mga creek, o iba pang mga pinagkukunan ng tubig at makontamina ang iniimong na tubig at mapatay ang mga ligaw na hayop.
- Ang pag-spray ng mga produkto kapag mahangin ay maaaring madala ang produkto sa mga kalapit na tubigan.
- Huwag kailanman itapon ang mga pesticide o iba pang mga produkto ng hardin sa patuluan ng tubig.

✓ Bumili ng Tamang Produkto para sa Inyong Mga Pangangailangan

- Basahin ang etiketa para matiyak na nabibili ninyo ang wastong produkto para sa gagawin. Makakatipid kayo sa oras dito, pera, at unyami.
- Bilhin lang ang kakailanganin ninyo. Kung masyado kayong maraming bilhin, ipasa ang produkto sa ibang tao magagamit ito, kasama ng mga tagubilin sa etiketa. Ang ilang mga produkto ay maaaring hindi kasing bisa kung natabi nang matagal. Ang mas malaking laki ay hindi sulit kung hindi naman ninyo magagamit ito.
- Gumamit lang ng wastong dami. Ipinapahiwatig sa mga etiketa ang wastong dami na dapat gamitin. Ang paggamit ng mas maraming ay maaaring mag-aksaya sa produkto, sa inyong pera at maaaring magdulot ng pinsala sa ibang mga tao, mga alagang hayop at kapaligiran.

